

Pang-emergency na Pangangalaga: Mga Wildfires



Kasalukuyan Ka Bang Apektado ng Wildfire?

Matutulungan ka naming maghanap ng pangangalagang pangkalusugan. Makakatulong din kami sa iyong mga gamot. Nakikipagtulungan kami sa mga parmasya, ospital, at mga sentrong pangkalusugan sa lugar. Gusto naming tiyakin na makakakuha ka ng pangangalagang pangkalusugan mula sa alinman sa aming mga provider.

Tawagan kami sa (800) 863-4155 para sa tulong.

- Kailangan mo ba ng bagong Partnership ID card?
- May mga problema ka ba sa paghinga?
- Kailangan mo ba ng gamot at/o kagamitan?
- Kailangan mo ba ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip o anupamang serbisyo?

Higit Pang Impormasyon at Mapagkukunan

24 na Oras na Tagapayong Nurse

Tawagan ang Tagapayong Nurse kung hindi mo matawagan ang iyong doktor. May available na nurse 24 na oras kada araw, pitong araw kada linggo sa (866) 778-8873.

Mga Serbisyo ng Pangunahing Pangangalaga

Maaaring hindi ka matingnan sa ngayon ng iyong nakatalagang doktor ng pangunahing pangangalaga. Kung mangyayari ito at kailangan mong magpatingin sa isang doktor, maaari kang kumuha ng pangangalagang pangkalusugan mula sa alinmang provider ng pangunahing pangangalaga sa Partnership. Mangyaring tumawag sa aming Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155 para sa tulong sa paghahanap ng provider na malapit sa iyo.

Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Labas ng Iyong County

Maaaring namamalagi ka sa ibang county dahil sa mga sunog. Mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa (800) 863-4155 kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

**Narito ang Departamento
ng mga Serbisyo sa
Miyembro upang tumulong.**

Tumawag sa: (800) 863-4155
TTY: (800) 735-2929 o 711

Available: Lunes – Biyernes
8 a.m. – 5 p.m.

Maikling Sanggunian

Mga Serbisyo sa Miyembro:
(800) 863-4155

**24 na Oras na Tagapayong:
Nurse** (866) 778-8873

**Mga Serbisyo sa Pangunahing
Pangangalaga:** (800) 863-4155

Koordinasyon sa Pangangalaga:
(800) 809-1350

Mga Serbisyo ng Transportasyon:
(866) 828-2303

**Mga Serbisyo sa Kalusugan ng
Pag-iisip:** (855) 765-9703



**Para sa higit pang
impormasyon, bisitahin ang
www.partnershiphp.org**

Huwag mag-aalala kung nawala o nasira sa mga wildfire ang iyong gamot, mga medikal na supply, o kagamitan. Mangyaring tumawag sa iyong parmasya o provider ng medikal na supply. Ipaalam sa kanila na kailangan mo ng maagang refill o kapalit dahil sa mga wildfire.

Mga Serbisyo ng Parmasya

Maaaring sarado ang iyong parmasya dahil sa isang wildfire. Maaari kang tumawag sa Call Center ng Medi-Cal Rx sa (800) 977-2273, 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo kung kailangan mo ng tulong sa mga serbisyo sa parmasya. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-iisip

Narito ang Carelon Behavioral Health para tumulong. Mangyaring tumawag sa Carelon kung kailangan mo ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip. Subukang tawagan ang iyong provider kung nasa pangangalaga ka na. Tumawag sa Carelon kung hindi mo matawagan ang iyong provider. Bukas ang linya ng telepono ng Carelon para sa mga agarang tawag, 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo sa (855) 765-9703.

Mga Tip para sa Usok ng Wildfire:



Bawasan ang pisikal na aktibidad sa labas.

Dinaragdagan ng pag-eehersisyo ang dami ng hanging nilalanghap ng iyong mga baga nang 10 hanggang 20 beses. Maaari nitong dalhin ang polusyon sa kaloob-looban ng iyong mga baga.



Bawasan ang pagkalantad sa usok.

Dapat sikaping umiwas sa pagkalantad ng mga bata, matanda, buntis, at taong may mga problema sa paghinga o sa puso.



I-on ang iyong air conditioner.

Bawasan ang pagkalantad sa usok sa labas sa pamamagitan ng pagsasara ng lahat ng bintana at pinto at pag-on ng air conditioner. Pag-isipang pumunta sa isang lugar na may air conditioner kung wala ka nito.



Narito ang Departamento ng mga Serbisyo sa Miyembro upang tumulong.

Tumawag sa: (800) 863-4155

TTY: (800) 735-2929 o 711

Available: Lunes – Biyernes
8 a.m. – 5 p.m.

Maikling Sanggunian

Mga Serbisyo sa Miyembro:
(800) 863-4155

24 na Oras na Tagapayong Nurse: (866) 778-8873

Mga Serbisyo sa Pangunahing Pangangalaga: (800) 863-4155

Koordinasyon sa Pangangalaga:
(800) 809-1350

Mga Serbisyo ng Transportasyon:
(866) 828-2303

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip: (855) 765-9703



Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.partnershiphp.org